

## **Aralin 5 – Pagpapasakop sa Namumuno**

*“Ang karagdagang responsibilidad na iniaatang mo sa akin ay laban sa aking kalooban. Ngunit anoman ang iyong magiging desisyon ito ay aakuin kong kalooban ng Diyos para sa akin”.* Ito ang mga katagang sinambit ko sa aking “Boss” nang siya ay magdesisyon na dagdagan ang aking lubha nang mabigat na responsibilidad. Buong galang kong ipinaliwanag ang aking kinatatakutan kung kaya’t ayaw kong tanggapin ang karagdagang responsibilidad. Ngunit matapos kong magpaliwanag, nanatili ako sa aking desisyon na magpasakop sa nais ng aking lider. Hindi niya binago ang kanyang desisyon. Kanyang itinuloy ang pagbigay ng karagdagang responsibilidad sa akin. Laking pasasalamat ko na ako ay nagpasakop sa kanyang kapangyarihan. Ngayon, matapos ang dalawang taon, nakita ko ang kabutihan ng kanyang naging desisyon.

Isa sa pinakamahirap gawing ay magpasakop sa kinauukulan. Maging ang magpasakop sa sariling asawa ay napakahirap, lalo pa sa mga kinauukulan na di natin pinagkakatiwalaan. Tulad halimbawa ang mga pulis trapiko. Dahil sa mga di kaayaayang karanasan at sa mga naririnig natin patungkol sa mga ilang malolokong pulis, ang hirap tuloy magpaskop sa kanila sa tuwing tatawagin pansin ang ating sasakyan. Ngunit ang pagpapasakop sa kinauukulan ay siyang kalooban ng Diyos. Pagbulaybulayin ang sinasabi ng Biblia:

*“Ang mga namumuno ay di nagdadala ng takot sa mga gumagawa ng mabuti*

*kundi sa mga gumagawa ng masama.*

*Kung ayaw mong matakot sa may kapangyarihan, gumawa ka ng mabuti,*

*at pararangalan ka niya.*

*Sapagkat siya ay lingkod ng Diyos sa ikabubuti mo.*

*Ngunit matakot ka kung masama ang ginagawa mo, sapagkat may dahilan*

*ang pagdadala niya ng tabak.*

*Siya’y lingkod ng Diyos upang igawad ang poot ng Diyos sa gumagawa ng masama.*

*Kaya nga, dapat kayong pasakop, hindi lamang upang iwasan ang poot ng*

*Diyos, kundi alang-alang na rin sa budhi.*

*Ito rin ang dahilan kung bakit nagbabayad kayo ng buwis.*

*Sapagkat ang mga namamahala ay mga lingkod ng*

*Diyos na nagtatalaga ng kanilang sarili sa gawaing ito.*

*Ibigay ninyo sa lahat ang nararapat sa kanila:*

*Buwis sa dapat buwisan; bayad sa dapat bayaran; pag-galang sa dapat igalang;  
parangal sa dapat parangalan.*

Mga Taga-Roma 13: 3-7 FSV

Ang pagpapasakop sa kinauukulan ay di ibig sabihin pagbulagbulagan sa kasamaang ginagawa ng mga ito. Ang kamalian at kasalanan ay dapat ituwid. Ang paninindigan sa katuwiran at katotohanan ay nararapat gawin. Ngunit ito ay dapat gawin na may pag-galang sa nakatataas. Ang kutyain, pagtawanan at siraan ang kinauukulan ang siyang kinamumuhian ng Diyos. Ang pagrerebelde ang siyang naging ugat sa lahat ng kasalanan ng tao. Kaya nga't tayo ay kinakailangang matotong magpasakop.

### **Pagbulay-bulayan at Gawin**

1. Mayroon bang nakatataas sa iyo na nahhirapan kang magpasakop? Bakit?
2. Mayroon bang pagkakataong ginagamit mo ang lider ng ating bayan sa iyong pagpapatawa? Sa iyong palagay, ito ba ay kaaya-aya sa Diyos?
3. Paano ka makapagbibigay galang sa lider ng ating bayan?
4. Naibibigay mo ba ang mga nararapat sa kinauukulan?
5. Ipanalangin ang sarili na matutong magpasakop sa nakatataas sa iyo.